

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-9 NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 08 MARSO 2000, GANAP NA IKA-9.30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULLUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:


Vice Mayor Gonzalo C. Sifet, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Balicos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mac Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Wala

KAPASYAHAN DLG. 023
Taong 2000

KAPASYAHANG MAPITAGANG INUULIT ANG PAGHIILING SA KGG. GOBERNADOR RODOLFO G. VALENCIA NG PAGPAPAAYOS NG MGA SIRANG BAHAGI NG SAN AQUILINO - ODIONG - PACLASAN BEACH ROAD SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- SAPAGKAT ang mga lansangan at mga daan ay napakahalagang paktor at tulong pangkaunlaran sa isang pamayanan kung kaya't ang kaayusan nito para sa patuloy na serbisyo ay dapat mapanatili at maipagpatuloy ng mga kinaukulan;
- SAPAGKAT sa kasalukuyan, ang mga lansangan sa bayan ng Roxas, lalo na ang mga daang panlalawigan ay maraming bahagi na ang sira lalo na ang nagmumula sa Barangay San Aquilino patungong Barangay Paclasan;
- SAPAGKAT ang lansangang nabanggit na niyari may pitong taon na ang nakalilipas ay nagkaroon na ng maraming kasiraang nagiging dahilan ng mga aksidente at panganib sa buhay at pag-aari ng mga mamamayan;
- SAPAGKAT bagama't nagkaroon ng mga pansamantalang pagsasaayos, hindi ito naging malibay laban sa mga bagyo at baha o anumang biglang pagsusungit ng kalikasan na nagdulot ng hirap at pabigat sa ekonomiya ng mga taong-bayan;
- SAPAGKAT ang mga palagiang gumagamit ng lansangang ito tulad ng mga motorista at mga transportasyong nagbibigay-serbisyo at ang mga mamamayang apektado ng kalagayang ito ay nagpaabot ng kanilang hinaing sa mga namumuno ng barangay at sa pamunuan ng pamahalaang bayan ng Roxas upang maipaayos ang sirang daang ito bago dumating ang tag-ulan;



SAPAGKAT ang karalangang ito ay buong pagkakaisa at mapitagang itinutukoy ng mga namumuno ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia upang bigyang-pansin at matugunan sa lalong madaling panahon ang pangangailangan ng mga mamamayan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang ulitin ang hiling sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia ng pagpapayus ng mga sirang bahagi ng panlalawigang lantongan San Aquilino - Odiong - Paclasan Beach Road sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia para sa kanyang maagap na pag-akayon para sa kagalingan ng mga taong-bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

Pinagtibay. 06 Marso 2000


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO A. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DINAPILIS
Punong Bayan

merz/